

Ika - 3 Aralin

"TAO"



Pag-aralan ayon sa mga tuntunin na nasa pasimula ng unang aralin.

1. Paano ginawa ng Diyos ang Tao?

- ▶ Ginawa ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa at siya'y hiningahan ng hininga ng buhay.

Genesis 2:7. At nilalang ng Panginoong Diyos ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay.

Genesis 1:26. At sinabi ng Diyos. Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad na nagsisi-usad sa ibabaw ng lupa.

- Genesis 1:27. At nilalang ng Diyos ang tao ayon sa Kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Diyos siya nilalang; nilalang Niya sila na lalaki at babae.

2. Bakit nilikha ng Diyos ang tao?

- ▶ Nilikha ng Diyos ang tao para sa Kaniyang kaluwalhatian.
- Isaias 43:7. Yaong aking nilikha ay sa aking kaluwalhatian.

3. Ano ang kalagayan ng tao nang siya'y unang likhain?

- ▶ Siya'y sakdal sa kaniyang katawan, kaluluwa at espiritu.

4. Nanatili ba ang tao sa ganitong sakdal na ka-lagayan?

- ▶ Hindi. Siya ay sumuway sa Diyos at siya'y nahulog mula sa kanyang sakdal na kata-yuan.
- Mga Taga Roma 5:19. Sapagka't sa pagsu-way ng isang tao ay marami ang naging makasalanan, gayon din naman, marami ang pawawalang-sala sa pagsunod ng isang tao.



Gawin Mo Ito

1. Sariwain mo ang iyong mga isinaulo sa una at ikalawang aralin.
2. Kung iyong mauulit nang wasto ang lahat ng mga sauluhin, maaari mo ng punuin ang puwang sa iyong talaan ng mag-aaral at pagsusulit para sa ikatlong aralin.